

ANTIPONA SA KOMUNYON • Jn 6:52

PANIS, quem ego dédero, caro mea est pro sǎculi vita.

ITO ANG TINAPAY na aking ibibigay ay ang aking laman, sa ikabubuhay ng sanglibutan.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

TUORUM nos, Dómine, largitáte donórum, et temporálibus attólle prasídiis, et rénova sempitérnis. Per Dominum.

PAKUNDANGAN sa abut-abot Mong kaloob, O Panginoon, tuwangan mo kami ngayon at panibaguhin mo kami para sa buhay na walang hanggan. Alang-alang kay Jesucristo...

Sa dakong Paghayo at Pagbabasbas sa katapusan ng Misa, haaharap ang pari sa bayan, sasabihin ang mga katagagang "Humiliáte cápita vestra Deo" (Iyuko niyo ang inyong mga ulo sa Dios.)

PAGPAPANALANGIN SA SAMBAYANAN

DA, quǎsumus, Dómine, pópulis cristiánis: et, quǎ profiténtur, agnóscere, et coeléste munus dilígere, quod frequéntant. Per Dominum.

IPAGKALOOB mo, O Panginoon, isinasamo namin, upang itong bayan Mo ay maunawaang lubos ang inihayag nilang mga katotohanan, at mahalín ang makalangit na kaloob na kanilang tinatanggap. Alang-alang kay Jesucristo...

Harmandad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite ©2022
Comision Para sa Pagsasalin

HUWEBES

MAKARAAN ANG UNANG LINGGO NG CUARESMA

Misa "Confessio"

• III cl. • Simple • Lila

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 95:6

CONFESSIO et pulchritúdo in conspéctu eius: sánctitas et magnificéntia in sanctificatióne eius. — Ps 95:1 Cantáte Dómino cánticum novum: cantáte Dómino, omnis terra. V. Gloria Patri. Confessio...

NASA harap niya ang luwalhati at kadakilaan, nasa kanyang kanlungan ang lakas at kagandahan. — Salmo 95:1 Awitan ang Panginoon ng bagong awit. Awitan ang Panginoon, O sangkalupaan. V. Luwalhati sa Ama. — Nasa harap...

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEVOTIONEM pópuli tui, quǎsumus, Dómine, benígnus inténde: ut, qui per abstinéntiam macerántur in córpore, per fructum boni óperis reficiántur in mente. Per Dóminum.

HINIHING namin, O Panginoon, nawa'y iyong tingnan at kasiyahan itong pamimintuho ng iyong bayan, na sa pamamagitan ng pagliban nila sa hilig ng kanilang katawan sa pamamagitan ng pagliban sa pagkain ng laman ng lupa, nawa'y magbago ang kanilang kaluluwa sa pamamagitan ng mga bunga nitong mga mabubuting gawain. Alang-alang kay Jesucristong...

Sa mga Misa ngayong araw, idaragdagag ang ika-2 panalangin, "Upang Hingin Ang Pamamagitan Ng Mga Banal"; ika-3 panalangin, "Para Sa Mga Nabubuhay At Sa Mga Yumao."

PAGBASA • Ez 18: 1 - 9

Pagbasa mula sa aklat ni Propeta Ezekiel.

NOONG MGA ARAW NA IYON: Dumating sa aking ang salita ng Panginoon, at sinabi: "Bakit ninyo sinasabi ang kasabihang ito tungkol sa lupain ng Israel: 'Mga magulang ang kumain ng maasim na ubas, pero mga anak ang nangilo'? Saksi ang buhay ko – sabi ng Panginoong Dios – Hindi na sasabihin pa ang kasabihang ito sa Israel. Sa akin ang lahat ng buhay; sa akin ang buhay ng ama at ang buhay rin ng anak, kaya kung sino ang magkasala, siya ang mamamatay. Ipagpalagay na may isang taong matuwid at gumagawa ng tama at maka-tarungan. Hindi siya kumakain sa mga altar sa burol, hindi tumitingin sa mga diyus-diyusan

ng Israel, hindi nakikiapid ni sumisiping sa babaeng may regla. Wala siyang inaaping sinuman, isinasauli ang isinanla sa kanya, hindi nagnanakaw, pinakakain niya ang nagugutom at dina-damitan ang hubad, hindi siya usure-ro, ni sumisingil ng patubo sa pautang, hindi gumagawa ng kawalang-katarungan, isinasabuhay ang tunay na katarungan at mabuting pakikipagkapwa-tao, matapat siya sa aking mga batas at sumusunod sa aking mga kautusan. Tunay na matuwid ang taong ito at mabubuhay siya – salita ng makapangyarihang Poon. — *R. Salamat sa Diyos.*

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 16:8, 2

CUSTODE me, Dómine, ut pupíllam óculi: sub umbra alárum tuárum prótege me.
V. De vultu tuo iudícium meum pródeat: óculi tui vídeant æquitátem.

PANATILIIN akong bulaklak sa 'yong mata; itago ako sa lilim ng 'yong mga pakpak.
V. Sa 'yo nagmumula, pagpapawalang-sala sa akin, kita ng mga mata mo ang tama at matuwid.

EBANGHELYO • Mt 15:21-28

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

NOONG PANAHOONG IYON: Pagkaalis sa lugar na iyon, pumunta si Jesus sa gawing Tiro at Sidon. May isang babaeng Kananea noon na nag-punta sa dakong iyon at sumigaw: “Panginoon, anak ni David, maawa ka sa akin! Pinahihirapan ng isang demonyo ang anak kong babae.” Ngunit hindi siya tinugon ni Jesus kaya lumapit ang kanyang mga alagad at hiniling ng mga ito: “Paalisin mo na siya’t sigaw siya nang sigaw sa likod natin.” At sinabi sa kanya ni Jesus: “Sa nawawalang tupa ng bayan ng Israel ako sinugo.” Ngunit lumapit ang babae at lumuhod sa harap ni Jesus at sinabi: “Ginoo, tulungan mo ako!” Sumagot si Jesus: “Hindi tama na kunin ang tinapay sa mga bata at itapon ito sa mga tuta.” Sumagot ang babae: “Totoo nga, Ginoo, pero kinakain naman ng mga tuta ang mga nalalaglag mula sa hapag ng kanilang mga amo.” Kaya nagsalita sa kanya si Jesus: “Babae, napakalaki ng iyong pananalig! Maganap sa iyo ayon sa nais mo.” At nang oras ding iyon, gumaling ang kanyang anak. — *R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.*

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 33:8-9

IMMITTET Angelus Dómini in circúitu timéntium eum, et erípiet eos: gustáte, et vídete, quóniam suávis est Dóminus.

NAKABANTAY ang anghel ng Panginoon sa paligid ng mga may pitagan sa kanya at sila’y sinasagip. Tikman ninyo at tingnan na mabuti ang Panginoon; masaya ang taong sa kanya kumakanlong.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

SACRIFICIA, Dómine, quæsumus, propénsius ista nos salvent, quæ medicinálibus sunt institúta ieiúniis. Per Dominum.

NAWA’Y itong mga handog ng paghahain, hinihiling namin, O Panginoon, ay maging kapaki-pakinabang sa aming kaligtasan, sapagkat kaakibat nito ang aming nakakagaling na pag-aayuno. Sa pamamagitan ni Jesucristo...

PREPASYO NG KWARESMA

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens, ætérne Deus.

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan:

Qui corporáli ieiúnio vítia cómprimis, mentem élevas, virtútem largírís et prámia: per Christum Dóminus nostrum.

Sapagkat sa pagpapakasakit ng katawan, sinusugpo mo ang aming masasamang hilig at itinataas ang aming isipan; binibigyan kami ng lakas at ginagagantimpalaan, alang-alang kay Kristong aming Panginoon.

Per quem maiestátem tuam laudant Angeli, adórant Dominatiónes, tremunt Potestátes. Cæli cælorúmque Virtútes, ac beáta Séraphim, sócia exsultatióne concélebrant. Cum quibus et nostras voces ut admítte iúbeas, deprecámur, súplici confessiÓne dicétes:
— Sanctus, Sanctus, Sanctus...

Kaya sa pamamagitan Niya, ang makapal na mga anghel sa kalangitan, nagpupuri kasama ng mga Dominasyon at Potesdad ay nagpupuri at sumasamba sa iyong kamahalan. Nagbubunyi rin ang mga hukbo ng langit at ang mga Serapin ay kaisa nilang nagpupuri sa Iyo. Kaya kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**